

# PROLOGUE

Hindi naging hadlang ang malakas na ulan para rumatsada ang isang owner-type jeep sa maputik at baku-bakong daan. Kahit pa bumabaon ang gulong nito sa putikan ay hindi iyon ininda ng dalawang nilalang na sakay niyon. Panay ang lingon ng babae sa kanilang likuran, sinisipat kung may kasunod pa silang sasakyan. Tinatanaw rin nito ang ilaw mula sa malaking bahay na pinanggalingan nila.

“Paano ang anak natin?” tanong nito sa gumagaralgal na tinig. Hindi nito napigilan ang pagtulo ng luha sa mga mata.

“Wala tayong pagpipilian,” sagot ng lalaki na pinapaspasan ang pagmamaneho. “Hindi ko rin gustong iwan ang anak natin pero kailangan nating umalis. Hindi ko kayang ihiwalay ka niya sa akin. Don't worry about our son. I know, Nanang Ising would take good care of him.”

He sounded okay ngunit kung bubuksan ang puso nito ay makikitang puro pighati ang naroroon. Sino bang mapagmahal na magulang ang nais mawalay sa kanyang anak?

“Mahal kita and I don't want to lose you.” Inabot ng lalaki ang kamay ng asawa at dinala sa dibdib. “Patawarin mo ako't hindi ko nagawang kunin ang anak natin.”

“Mahal din kita. Ayoko ring mahiwalay sa 'yo. Gusto kong sisihin ang sarili ko sa nangyayari. Kung hindi sana kita minahal, at pumayag sa nais ng ama mo na lubayan ka, hindi sana gugulo nang ganito.”

“Huwag mong sabihin iyan. Ni minsan ay hindi ko pinagsisihang minahal kita't pinakasalan. Ikaw ang pinakamagandang pangyayari sa buhay ko. Pagsubok lang lahat ng ito; magpakatatag ka, mahal ko,” pakiusap ng lalaking todo ang pagpipigil ng emosyon. He wanted to be brave for his wife.

“Sana'y maintindihan ng anak mo kung bakit siya nahiwalay sa atin. Sana balang araw ay mabuo ang pamilya natin.”

Hindi na muling sumagot ang lalaki. Hindi niya alam kung may posibilidad pa bang mangyari ang hiling ng asawa. Iisang paraan lang ang mayroon para mangyari ang hiling nito. Iyon ay kung tuluyan na silang matatanggap ng kanyang ama.

# 1

Twenty-six years later. Manila.

Cassandra wanted to surprise her friend Jeffrey when she dropped by at the factory where he was working. Dahilan kaya hindi na siya kumatok at bigla na lang pumasok sa opisina ng lalaki. Pero siya ang nasorpresa nang makitang may kausap ang kaibigan.

“Oops. Sorry,” aniya sa dalawang lalaking nasa kanya na ngayon ang atensyon. Nagdalawang-isip siya kung tutuloy pang pumasok o lalabas na lang ulit ng silid.

“That’s okay, baby girl. Come in.” Tumayo mula sa executive chair si Jeffrey at sinalubong ang kaibigan ng yakap at halik sa pisngi. “Basta ikaw, baby, you can come anytime.”

Ngunit wala kay Jeffrey ang tingin ni Cassandra kundi nasa lalaking kausap nito kanina. At nakatingin din ito sa kanya. There was something about the man that made her stare. Maybe it was his handsome face. Bukod doon, hindi talaga ito ang tipo na madaling balewalain.

Nabaling kay Jeffrey ang atensyon ni Cassandra

nang maramdaman niya ang pagdampi ng labi nito sa kanyang pisngi.

“Aayain sana kitang mananghalian sa labas,” sabi niya sa kaibigan. Their faces were only inches apart, and she was holding Jeffrey’s arms like he was her lover.

“Sure. Wala naman akong appointment ngayong araw.”

“Hmp. Sabihin mo wala nang epekto ang charm mo sa mga babae, kaya wala ka nang mahanap na ka-date kundi ako.” Then she rubbed her nose against his that they both giggled.

And they were busy looking at each other with naughty grins on their faces, na hindi na nila nagawang mapansin ang reaksyon sa mukha ng lalaking tahimik na nakaupo sa sofa. He rolled his eyes in irritation sa nakikitang eksena. The two looked so sweet nobody would believe they were *only* friends.

Tumikhim ang lalaki para hulihin ang atensyon ng dalawa.

Nilingon ni Jeffrey ang naunang bisita nito at humingi ng paumanhin, “I’m sorry, pare. Kung ganito kaganda ang darating sa iyo, eh, makakalimutan mo talaga ang kausap mo,” he said, smiling. “Anyway,

Cassandra, I want you to meet Victor, isa sa mga kasamahan ko dito sa trabaho. And Victor, this is my baby girl, Cassandra.”

“I am not a baby anymore,” agad na pagtutuwid ni Cassandra sa terminong ginamit sa kanya ng kaibigan. “And stop treating me like one. Nakakahiya.”

Isang halakhak ang isinukli ni Jeffrey sabay hapit sa kanyang baywang. “You would always be a baby to me, Cassandra.”

She just smiled at her friend’s sweet remark. Simula nang umuwi si Jeffrey sa Pilipinas ay lagi na silang magkasama. He was the only person outside her family whom she trusted. Madalas na pinagkakamalan silang magkasintahan dahil sa sweetness nila sa isa’t isa. Pero hindi ganoon ang relasyon nila ni Jeffrey.

They were friends, very good friends. High school pa lang ay magkakilala na sila. They watched each other fell in and out of love. When Jeffrey went abroad to finish his schooling, saka natutunan ni Cassandra na umibig nang totoo at buong-buo... para masaktan lang at iwan pagkatapos.

When Jeffrey came back, he noticed the change in her. Hindi na siya ang palatawa at palabirong

kaibigan na nakilala nito. It was as if life had been drawn out of her. Kasama ng paglisan ng lalaking minahal niya ay ang pagkamatay ng puso niya.

Tila iyon naman ang naging daan para maging mas matibay ang relasyon nilang magkaibigan. Jeffrey did everything to make her happy again and forget her heartache. Gusto umano nitong makabawi sa kanya dahil wala ito noong kailangan niya ng makakaramay. He was like an elder brother to her, a self-appointed guardian. Kung minsan ay nakokonsyensya na si Cassandra dahil tila napapabayaang na nito ang sariling lovelife dahil sa kanya.

“Alam mo, dapat mag-asawa ka na, Jeffrey, para hindi na lang ako ang binabantayan mo,” kunwa’y naiiritang sabi niya sa kaibigang nakangisi. Somehow, she really hated it when he calls her baby. She always maintained a strong facade, however weak and vulnerable she felt inside. Her friend’s endearment seemed to defeat that image.

“Paano ako magpapakasal, ayaw mong pumayag kapag inaalok kita,” sagot nito. Inilapit lalo nito ang mukha sa kanya. “Samantalang ang ibang babae ay itinatapon ang sarili sa paanan ko!”

Umismid lang si Cassandra. Muli ay nawala sa isip nila na may ibang tao silang kasama roon. Hindi

tuloy nila napansin ang pagtatagis ng mga bagang ni Victor habang pinapanood sila.

“Tigilan mo nga ako, Jeffrey. Baka patulan ko ang sinasabi mo,” ganting biro rin ni Cassandra. Alam niyang hanggang biruan lang ang ganoong usapan nila and she had never felt awkward kapag si Jeffrey ang kausap niya. Ito lang ang tao maliban sa pamilya niya na nagagawa niyang kausapin tungkol sa kahit anong bagay nang hindi siya nahihiya o naiilang. At ito na rin lang yata ang tanging lalaki bukod sa daddy niya na pinagkakatiwalaan niya ng sarili. Dahil alam niya na hindi nito magagawang saktan siya.

“Jeffrey,” Victor interrupted. Bumitaw ang tinawag kay Cassandra at pumormal ng tayo. “Mamaya na lang natin ituloy ang pag-uusap,” matabang nitong sabi, ang mga mata ay nakatutok kay Cassandra. And those staring eyes scared her, for a reason she did not know. Hindi niya napansing napatago na pala siya sa likod ni Jeffrey.

“Sige, pare. Pupuntahan na lang kita sa ibaba,” pormal na sagot ni Jeffrey. At pagkaraan ng ilan pang sandali ay lumabas na ng opisina si Victor.

“Siya pala si Victor,” ani Cassandra na nakatingin pa rin sa pintong nilabasan ng lalaki. “Siya pala ang kaagaw mo sa pagiging heartthrob nitong factory.”

“Para namang sinabi mong pang-factory lang ang hitsura ko,” biro nito na kunwari’y nagtatampo. “Pero mas guwapo sa akin ’yun, hindi ba?”

“Malay ko. Hindi ko naman siya tinitigan nang maigi,” kibit-balikat niya at naupo sa visitor’s chair sa harap ng executive desk.

She sounded uninterested, but to herself she would admit that the man was really handsome. Boy, he was *hot*. Hindi ito ang unang pagkakataon na nakita niya ang lalaki. They had bumped into each other a couple of times before. At hindi rin iilang beses niyang narinig na pinag-uusapan ito ng mga grupo ng kababaihan sa washroom.

She had to agree with those girls. The man was undeniably attractive.

“Paano mo matitigan nang maayos, nagtatago ka sa likod ko?” anang kaibigan. “You know what, Cassandra? You should stop behaving like that. Whenever a man comes near you, para kang laging sisigaw ng rape at tatakbo palayo. You should get over your fear of men. May hitsura ka nga’t matalino, ubod ka naman ng suplada. At matigas pa sa bao ng niyog ang ulo mo.”

That made her smile, hindi man iyon kasing



tamis ng ngiti niya noong kabataan nila, it was a smile nonetheless.

At natutuwa si Jeffrey na nagagawa pa nitong pangitiin ang kababata. At least, once in a while, he could see a glimpse of the girl he grew up with—the Cassandra he knew before the heartache.

“No thanks. Tapos na ako sa mga lalaki.” It had been four years since her *last* relationship. “At wala akong balak tumalon ulit sa apoy at saktan ang sarili ko.”

“Kalimutan mo na si Kevin at lahat ng pinagdaanan ninyo.”

“Let’s not go there, Jeffrey. Hindi ko siya gustong pag-usapan.”

“Pero hindi mo rin siya gustong kalimutan? Hindi lang siya ang nag-iisang lalaki sa mundo, Cass. Why not open your heart and give yourself a chance to love again?” He smiled at her tenderly.

“Goodness, Jeffrey! You’re so corny. Kakapanood mo siguro ’yan ng telenovela. Halika na nga, mag-lunch na tayo at nagugutom na ako,” paiwas na sagot ni Cassandra at nagpatiuna nang lumabas ng pinto. Hindi niya gustong pag-usapan ang lovelife niya dahil lalo lang siyang nalulungkot.

Nang sumunod na araw, muli siyang dumaan sa opisina ni Jeffrey. May usapan silang sabay na manananghalian. Ngunit wala siyang naabutang tao roon kaya minabuti niyang bumaba sa pagawaan para hanapin ang kaibigan.

Like a nymph walking in the world of mortals, she searched the factory. At dahil oblivious sa kanyang paligid, hindi niya napansin na sandaling tumigil ang gawain ng mga trabahador sa pagdaan niya.

“Kung pupunta ka sa lugar na mayroong dalawandaang kalalakihan, hindi ka dapat nagsusuot ng ganyan. Nasisira ang operasyon ng pabrika dahil sa 'yo, mahal na prinsesa.”

Napalingon siya sa pinanggalingan ng tinig. Si Victor, nakatayo sa likuran niya. Katulad ng ibang lalaki roon, nakatingin din ito sa kanya. At muli, gusto niyang mailang sa titig nito. Pero nilabanan niya ang takot na iyon.

She defiantly met his beautiful blue-gray eyes. Naisip niya tuloy kung may dugong dayuhan ang lalaki. His eyes were real, she was sure. Hindi nakukuha sa contact lens ang ganoon kagandang mga mata.

“I am looking for Jeffrey. Nakita mo ba siya, Monteclaro?” She used a sarcastic tone para itago ang kaba. She did not know kung ano ba ang mayroon sa lalaking ito at nangingilag siya. Maybe it was his height; he was probably six feet tall. Kailangan niya talagang tingalain ito sa height niyang five-three.

And she did not like the way he was looking at her, na tila ba hinahanapan nito ng mali ang mukha niya. At bakit parang kailangan niya ng reassurance na nagustuhan nito ang nakita?

“Hindi ko po siya nakita, mahal na prinsesa,” matabang na sagot nito. Nilingon nito ang mga kasamahan, “Go back to work. Time to stop staring at the beautiful princess.”

Natawa ang mga empleyado at nagsibalik na sa trabaho. Nang muling ibaling ni Victor ang tingin sa kanya ay may nakakalokong sa labi nito na kinairita lalo ni Cassandra.

She hated the way he called her ‘princess.’ Pakiramdam niya ay tinutuya siya nito. Naiinis rin siya sa paraan ng pagtitig nito sa kanya na tila binibilang nito ang pagkurap ng mga mata niya.

“You have ivory shoulders na nagniningning ’pag tinatamaan ng liwanag. Sapat na ’yang balikat mo

para makalimot ang kahit sinong lalaki. Kaya kung maaari, mahal na prinsesa,” binigyang-diin nito ang salitang ginamit patukoy sa kanya, “sa susunod na pupunta ka dito, cover up yourself a little. Para hindi magkagulo ang mga kalalakihan dito. You could literally make any man hold their breath. At hindi ko sila masisi, you even made me held mine.”

“Wala kang pakialam kung ano ang gusto kong isuot, Monteclaro!” pagalit niyang sagot. He had no right to lecture her.

But despite the animosity in her voice, hindi niya napigilang matuwa. So it was admiration she saw in his beautiful eyes. Kung hindi agad tumalikod ang lalaki, nakita sana nito ang sumibol na ngiti sa labi niya.

She turned on her heel to look for Jeffrey. Ngunit hindi pa man siya nakakalayo, ay hinarang siya ng isang lalaki na ikinagulat niya.

“Magugulatin pala ang prinsesa,” natatawang sabi ng lalaking namumula ang mukha at amoy-alak. “Ang ganda naman ng araw na ito, may napadpad na diyosa dito.” Walang pakundangan nitong hinawakan ang braso niya.

Pumalag si Cassandra. “Huwag mo akong

hawakan!” pagpupumiglas niya. Hinila siya ng lalaki at akmang hahalikan ngunit nakaiwas siya. Isang malakas na sampal ang pinadapo niya sa mukha nito. Dahil doon ay lalong naging marahas ang lalaki. Lalo nitong hinigpitan ang hawak sa braso niya. “Ano ba? Let me go, you beast!”

Dahil nanlalaban, hindi niya napansin na natapakan niya ang isang kable at natalisod doon, nawalan siya ng panimbang at natumba sa sahig. Akma na siyang tatayo, para muling sampalin ang bastos na lalaki, nang may mag-abot ng kamay para alalayan siya. Nagulat siyang makita na si Victor iyon.

“Lasing ka, Samonte. Alam mong bawal uminom habang nagtatrabaho,” anito sa kasamahan na pasuray-suray na. “At hindi magugustuhan ni Jeffrey kapag nalaman niyang binastos mo si Cassandra.”

“Bakit? Siya lang ba ang may karapatan na makatikim ng mestiza? Sawa na ako sa mga probinsyana, gusto ko namang subukan ang mga katulad niyang kasing-puti ng labanos ang balat.”

She saw how Victor’s jaws locked in controlled anger. Cassandra thought he would hit the insolent guy, pero hindi ganoon ang ginawa nito. Sa halip ay sinenyasan nito ang mga kasamahan para ilayo sa kanila ang lasing na lalaki. Siya naman ay inakay

nito palabas ng factory pabalik sa opisina ni Jeffrey.

May nakita siyang bote ng ethyl alcohol sa medicine cabinet sa opisina ni Jeffrey. Nasa comfort room siya ng opisina nito. Isinara niya ang medicine cabinet at pinagmasdan ang sarili sa salamin. Parang gusto niyang maiyak habang ipinanghuhugas ang alcohol sa mga braso.

That drunk touched her, and she hated the thought of it. Isang alaala ng nakalipas ang pumasok sa isipan niya.

Nakatingin lang si Victor sa kanya, nakataas ang isang sulok ng bibig habang pahinamad na nakasandal sa hamba ng nakabukas na pinto ng CR. “Do I have to say I told you so?” Pinapanood siya ng hudyoy!

“Kung wala kang masabing matino, please get out of my sight, Monteclaro!” paangil niyang sagot. Kung maaari lang ay ipaligo niya ang alcohol. Damn that man for touching her! Walang karapatan ang kahit sinong lalaki na hawakan siya!

“Hindi ko rin lubusang masisi si Samonte sa nangyari. Hindi ito mall para i-display mo ang katawan mo.”

*I-display ang katawan ko? The nerve! She was*

wearing a decent blouse that showed off one perfect shoulder. At hindi naman lubusang nahahantad ang balikat niya dahil natatakpan iyon ng kanyang buhok. Pinigil niya ang sarili na bulyawan si Victor. Pinanginginigan pa rin siya ng laman dahil sa nangyari.

It scared the hell out of her. Bumalik sa kanya ang takot niya noong muntik na siyang mapahamak sa katulad ng lalaking iyon.

She was about to hurl an insult at Victor nang pumasok si Jeffrey sa silid. Minabuti niyang lagpasan si Victor at salubungin ang kaibigan.

“What happened, Cassandra? Sinabi sa akin sa ibaba na binastos ka ng isa sa mga worker. Damn that guy! Ipatatanggal ko 'yun!” Agad siya nitong nilapitan at sinapo ng dalawang kamay ang mukha niya. “Are you okay, baby?” nag-aalalang tanong nito.

Hindi niya napigilan ang luhang nangilid sa mga mata. “Uuwi na muna ako.”

---

“What happened?” Si Victor ang binalingan ni Jeffrey pagkahatid kay Cassandra.

“Kasalanan niya iyon. Mag-fashion show ba

naman sa harap ng mga trabahador.”

“Did he touch her?” Bahagyang tumaas ang tono ng boses ni Jeffrey. “Did he?”

“Oo,” walang-anumang sagot ni Victor. Naupo siya sa sofa at ipinatong ang mga binti sa ibabaw ng center table.

“That’s the reason why she’s trembling!” ani Jeffrey. Tila sarili lang naman ang kausap nito at hindi siya. Nagpakawala ito ng isang buntong-hininga. “She must have remembered that dreadful day again.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?” Matalim ang tingin na ibinigay niya kay Jeffrey. Agad ang pag-ahon ng kuryusidad niya.

“Years ago, napagtripan siya ng mga lasing sa isang bar. She was waiting for her boyfriend, but he never came. She was almost raped. Mabuti na lang at may tumulong sa kanya. Traumatic ang pangyayaring ’yun kay Cassandra. Pagkatapos niyon, hindi na nagpakita iyong nobyo niya.”

Hindi alam ni Victor kung para kanino ang galit na nararamdaman niya. Kung para ba iyon sa kasamahan niyang si Samonte, sa mga walanghiyang nambastos kay Cassandra noon, o sa ex-boyfriend nito na nagpabaya sa dalaga. Or was she to blame?



*Cassandra's Groom - Cleo Moreno*

---

Could he blame the girl for being so beautiful? So beautiful that a man could lose his sanity by merely staring at her. Nagagalit nga ba siya kay Cassandra dahil napakaganda nito? O kaya siya nagagalit ay dahil naaakit siya rito?

Tama. Galit siya. Sa sarili niya. Galit siya dahil hindi niya kailanman pinakitaan nang maganda si Cassandra. Dahil iniisip niyang inaakit nito ang lahat ng lalaki sa paligid nito.

## 2

Eight shots of vodka at nahihilo na si Cassandra. She had been like this for a week now. Kahit sa opisina ay hindi na siya mapakinabangan. Hindi niya gustong umuwi dahil baka mahalata ng kanyang mga magulang na may bumabagabag sa kanya. Hindi niya gustong bigyan pa ng alalahanin ang mga ito.

Kaya heto siya ngayon at mag-isang nilalango ang sarili sa alak, hoping that the stuff would somehow cloud the bad memories that were softly killing her.

She knew her parents would freak out if they learned her whereabouts. Siguradong susunduin siya ni Jeffrey at iaalis sa lugar na ito. Kaya nga pinatay niya ang cellphone para makaiwas sa istorbo. She really wanted to be alone. May ilang kalalakihan ang naupo sa tabi niya at sumubok na magpakilala.

She tried to be very polite while shoving them away. Sa bawat lalaki kasing lumalapit sa kanya ay iisang mukha ang nakikita niya—ang mukha ng lalaking una niyang minahal nang buong-buo, ang lalaking pinangarap niyang makasama habang-buhay... ang lalaking nanakit sa kanya nang husto.

*Damn, why does it still hurt?* she thought. Pilit niyang kinakapa sa sarili kung mahal pa ba niya si Kevin kaya siya nagkakaganoon. Maybe she was just feeling lonely. The prospect of growing old and alone scared her. She had always dreamt of having a family of her own.

Muli ay inisang-lagok niya ang laman ng baso. Humingi siya ng isa pang shot sa bartender.

“Sorry,” a manly voice spoke behind her. At hindi na niya kailangan pang lumingon. It was soft and husky. Only one man owned that sensual voice. Hindi niya iyon maipagkakamali kahit kanino.

Hindi siya sigurado kung dala lang ng alak o imahinasyon niya, pero tila may sumipa sa kanyang dibdib nang marinig niya ang tinig na iyon. Naririnig na niya halos ang malakas na pagtibok ng kanyang puso. Mas malakas pa yata ang tama sa kanya ng magandang tinig kaysa sa alak na iniinom niya.

“What do you want, Monteclaro?” tanong niya sabay ubos sa alak at pinasalinan iyon ulit.

“I want to apologize for what happened earlier.” Naupo ito sa katabing stool. She heard him release a few deep breaths before speaking again. “And I’m sorry for the same thing that happened years ago. A

princess like you doesn't deserve such treatment."

Hindi sumagot si Cassandra, nagtatataka kung paanong nagkataon na nandoon din si Victor sa lugar na iyon. Ganito na ba talaga kaliit ang mundo?

"He really stood you up, didn't he?" tanong nito sa mababang tinig.

"Jeffrey told you?" Ni hindi niya ito nilingon, nakatitig lang siya sa baso ng alak na parang iyon ang kausap niya. "Yes, he didn't show up. And it's been four years, five months, three weeks, six days, and... mahina ako sa Math, hindi ko makalkula kung ilang oras na ba!" Mapait na ngumiti siya sa binata. "And guess what? I am still counting and waiting 'til now."

Mahabang katahimikan ang namagitan sa kanila.

"Samahan mo na lang ako uminom," mayamaya'y sabi ng dalaga.

---

They talked. At sandaling nawala sa isipan ni Cassandra ang dinaramdam. Despite the ruggedness of his features, Victor was every inch a gentleman. Nagyaya na ito nang mapansin na halos hindi na niya maimulat ang mga mata sa sobrang kalasingan.

Pakiramdam ni Cassandra ay umiikot na ang

lahat sa paligid niya. But she was still aware of the sinewy arms that supported her.

“Come on. I’ll take you home,” ani Victor nang palabas na sila sa bar.

She leaned on his chest as she looked up at him. Her eyes could not seem to focus. She whispered huskily, “Where is home, Victor?”

“Lasing ka na, mag-taxi na tayo.” Hindi nito pinansin ang tanong niya.

He was cradling her in his arms sa loob ng taxi, ang mukha niya ay nasa leeg nito. And she could smell his male scent. Like his voice, his smell was sensuous and addicting. Cassandra was barely aware that she was already planting soft, wet kisses on his neck, na ikinapitlag ng lalaki. Bahagyang inilayo nito ang sarili at tinitigan siya.

“What are you doing, princess?” anas nito.

“I heard the girls in the factory talking about you. They’re all crazy about you and I couldn’t blame them. You’re beautiful, Victor.” Kung hindi siya lasing ay hindi niya magagawang sabihin iyon, but the compliment was something that had been at the back of her mind since they first met. And she had never been more right.

He was really beautiful.

---

“Kiss me,” she softly commanded.

“A-are you...” Hindi makasiguro si Victor kung tama ba ang narinig niya mula kay Cassandra.

“Kiss me. I want to taste your lips, know if they are sweet...”

“You’re drunk, princess. Hindi mo na alam ang sinasabi mo.” Tumututol ang kalooban ni Victor. Kung siya ang masusunod, kanina niya pa ito hinalikan. Kanina pa niya pinipigilan ang sarili na hawakan si Cassandra.

Nang humilig sa dibdib niya ang dalaga at tumingala sa kanya, with those seductive eyes and pouting lips, Victor’s control was near breaking point.

“If you won’t kiss me, I’ll ask Manong Driver na lang,” she answered stubbornly. “Better yet, magpapahatid ako sa bahay ng magaling kong ex-boyfriend. I’m sure *he* won’t say no to me.”

“Hindi mo gagawin ’yun, princess,” babala niya. He could feel his hands trembling as he held her against his body. Victor was tempted.

“Try me,” naghahamon nitong sagot. Victor was no saint, para hindi maapektuhan ng ginagawa ng dalaga.

He took a deep breath and stared at Cassandra, giving her time to change her mind. Pero kung gagawin man nito iyon—huli na. Natukso na si Victor. He gave the woman a deep and drugging kiss.

And Cassandra was lost in the pleasure of kissing him back; touching his soft hair, and pulling him closer to her. Sanity had completely drifted away when his searching tongue moved inside her mouth to explore more, to taste more. She did not want to think, she put all rationality aside. She had never felt a desire so strong before, only with Victor. His kisses were balm to her broken heart and shattered soul.

---

She woke up feeling a little uncomfortable. Parang kay init at hindi siya makahinga nang maluwag. Sa inaantok na mga mata ay pilit inaninag ni Cassandra kung saan siya naroon.

*This doesn't look like my room,* she said to herself.

Agad ang pagsalakay ng sakit ng ulo nang pilitin niyang gumising. She tried to get up, pero ni hindi siya makagalaw. Then she heard a deep mumbling

sound. Nilingon niya ang pinagmulan ng tunog.

She could have screamed kung hindi lang niya natakpan ang bibig.

Ano ang ginagawa ng lalaki sa kama niya?

Nilinga niya ang buong paligid, she was not dreaming. This was not her room and the man lying next to her was... Victor?

Pinilit niyang makawala sa yakap nito. Nahulog na siya sa kama dahil sa sobra niyang pagpa-panic. Nagising ang lalaki sa tunog ng pagbagsak niya. Nagulat ito nang makitang nasa sahi siya.

“Good morning, princess,” he said in between yawns. “What are you doing there?” Inabot siya nito, pero agad siyang umiwas. Hinablot niya ang kumot para takpan ang sarili.

Why was she naked? Hindi siya natutulog nang walang suot kahit pa summer at sobrang init. And why was this man as naked as she was?

“Okay ka lang ba, princess?” untag nitong muli. Marahil ay napansin nito ang ekspresyon sa mukha niya. Pinaghalu-halong gulat, takot at pagtataka ang malamang na naroroon.

“Why are you here? Ano’ng ginagawa ko



dito? Nasaan tayo?” sunod-sunod niyang tanong. Nakatingin lang ito sa kanya, na tila araw-araw na ganoon ang ayos nilang dalawa. “Ano’ng nangyari? After last night, itatanong mo sa akin iyan?” walang emosyong sagot nito. Dahilan para balutan ng panlalamig ang buong katawan ni Cassandra. “Hindi mo ba naaalala?”

Ano ba ang dapat niyang maalala? She was drinking herself to death. Iyon ang naaalala niya. Then Victor came, they talked and...

“Oh, my...” Iyon na lang ang nasabi ng dalaga. Pinilit niyang makatayo, but her trembling body did not let her. Sandali siyang napatitig sa kawalan. Panaginip lang ang lahat, isang masamang panaginip, pangungumbinsi niya sa sarili.

“I’ll marry you!” biglang sabi ng binata na ikinagulat ni Cass.

She secretly pinched herself to know if she was dreaming. But hell, she was not. Gusto niya ring isiping nabibingi na siya, pero hindi. He had said it loud and clear, maliwanag pa sa sikat ng araw na tumatagos sa blinds ng bintana sa silid nila.

“B-bakit tayo magpapakasal?” naguguluhan niyang tanong, atubiling nilingon ang lalaki.

Hindi pa nga nagrerehistro nang maayos sa utak niya na nasa isang silid siya at hubad kasama ang isang lalaki.

“Bakit mo pa tinatanong? Tingnan mo ang ayos natin, may nangyari sa atin kagabi. And we didn't just made love once, princess, nor twice. We made love several times last night that I even stopped counting! Kailangan nating magpakasal bago pa—”

“Hindi totoo 'yan!” agad na putol niya. “Walang nangyari sa atin kagabi!”

“Then how will you explain na pareho tayong naririto sa kuwartong ito, hubad at magkayakap na natulog kagabi?” Victor dared.

*Why was he so angry?* Cassandra mused. Niyuko niya ang sarili. Parang hihimatayin siya nang makita ang mga namumulang marka sa kanyang katawan. But damn! She could not remember making love with him last night. Ang naaalala lang niya ay ang sama ng loob niya, dahilan para languin sa alak ang sarili kagabi.

Then, Victor was there. They talked, they drank, they laughed. Pagkatapos ay niyaya na siya nitong umuwi dahil sa sobra niyang kalasingan. Then she got naughty, she was inebriated and very lonely. Ni

hindi na siya nag-iisip nang matino. Well, hindi niya talaga ginustong mag-isip nang matino kagabi. Gusto niyang magrebelde sa mga nangyayari sa buhay niya. At si Victor ang naging outlet niya. She asked him to kiss her and he did, and...

Napapikit na lang si Cassandra. Hindi na niya alam ang sumunod. Kung may nangyari, hindi ba dapat malalaman niya? Mararamdaman niya iyon dapat, hindi ba? But all she could feel was her throbbing head. She took a deep breath, trying to calm herself. She needed to think. *Kaya ko na bang tumayo sa sahig?*

“Ano ba ang pinoproblema mo? I said I’ll marry you,” putol ni Victor sa daloy ng isipan niya. Bumaba ito sa kama, nakatitig pa rin sa samu’t saring reaksiyon na nasa mukha niya.

Nang mapansin niyang wala ito kahit anong suot ay nag-iwas siya ng tingin. Tumayo siya nang magsimula itong magbihis at tumalikod dito. Wala sa loob na napaupo siya sa kama. Nag-uunahan ang sangkatutak na tanong sa isipan niya.

“Pakakasal tayo as soon as possible. Bago pa man magbunga ang ginawa natin. Tumayo ka na diyan at magbihis, ihahatid na kita sa inyo.” Determinado ang tinig ng lalaki.

“It’s just a one-night madness! Hindi mo ako kailangang pakasalan!” Umikot siya para harapin ito. “N-normal lang ’yun sa panahon ngayon, and it happens everyday—” Hindi na niya naituloy ang sasabihin nang makita ang hindi mapaliwanag na galit sa mga mata ng lalaki.

“Talaga? Normal lang sa ’yo ang makipagtalik at kalimutan iyon pagkatapos?” His eyes were shooting daggers at her. “Ganoon ka bang uri ng babae?”

Hindi niya iyon sinagot. Mahina at talunan ang tinig niya nang makuhang magsalita.

“But getting married? Victor, ni hindi tayo lubusang magkakilala! At bakit mo ako gustong pakasalan? Alam mo na ngayon na hindi ikaw ang una. I am not a damn virgin para pang—”

“Magbihis ka na! Iuuwi na kita.” Tinalikuran siya nito, parang hindi narinig ang sinabi niya. “Huwag mo nang gawing komplikado ang lahat. I have decided and it’s final! Because unlike the first man in your life...” He took a long deep breath before continuing, “and the other men in your life, kung ilan man sila, hindi ko tatakbuhan ang ginawa ko sa ’yo. Pakakasal tayo sa lalong madaling panahon. Tapos ang usapan. I’ll wait for you at the lobby.”

Naiwan siyang nakatitig sa pintong marahas nitong inilapat.

Napahiga si Cassandra sa kama. Ano na ang gagawin niya? Pakiwari niya ay pinaglalaruan siya ng kapalaran. Hindi na siya nagsawang bigyan ng problema ang sarili niya. Furious with herself, nakakuha siya ng lakas para tumayo at agad pumasok sa banyo para magbihis.

### 3

Nang mahimasman ay saka lamang napansin ni Cassandra na sa isang five-star hotel siya dinala ni Victor. Saan naman ito kukuha ng pambayad para roon? She wearily shut her eyes. Mukhang siya pa yata ang magbabayad. Gusto niya tuloy matawa, hysterically. Elegante man o cheap na hotel, iisa lang ang naging silbi ng lugar na iyon sa kanila. It was the place where they screwed.

Sa lobby ay nakita niyang nakaupo sa long sofa si Victor at nagbabasa ng pahayagan. Sandali niyang sinuyod ng tingin ang kabuuan nito. Kung hindi niya alam na simpleng worker lang ito sa isang factory ng automobile parts, iisipin niyang isa itong modelo. Maayos itong manamit at refined kumilos, kahit ang mga salitang binibitawan ay pili at halatang edukado. Sa madaling salita, malabo itong mapagkamalang mahirap. Tatalunin nito ang mga *nouveau rich* na nagpupumilit makilala sa lipunan.

At kung siya ang tatanungin, hindi bagay ang maging mahirap kay Victor. She had never seen such a handsome face. A part of her was regretful that she could not recall the night she spent in his arms. She

could have forever saved it in her memory.

Wait, didn't he ask her to marry him? At bakit niya pinag-iisipan iyon? Hindi niya gustong magpakasal kay Victor!

Paano niya ito ihaharap sa pamilya niya?

*Hey, guys, guess what? Finally, I'm getting married. His name's Victor. We had one-night stand. He's so honorable, gusto niya akong pakasalan. See who I got—a very handsome factory worker!*

Natauhan si Cassandra nang mag-angat ng tingin si Victor. Tila naramdaman nito ang paglapit niya. His eyes seemed to be hypnotizing her to walk straight into his arms.

Tumayo ito, hinawakan siya sa braso, at iginiya patungong exit door.

“Wait! Magbabayad pa tayo,” ani Cassandra. Huminto siya sa paglakad kaya napahinto rin ang binata.

“Binayaran ko na,” tipid na sagot nito.

“Binayaran mo na? May dala kang pera?”

“Ano ba ang ibig sabihin ng mga tanong mong 'yan? Mukha ba talaga akong pulubi para sa 'yo,

mahal na prinsesa?” Parang nainsulto ang tono nito.

“Pero katumbas na no’n ang isang buwang suweldo mo at—”

“Di iyon ang isipin mo! I had sex with somebody at an expensive hotel. At naubos ang isang buwan kong suweldo. Ngayon, puwede na tayong umalis?” Mababa ang tono nito pero hindi ikinubli ang galit. Hinila siya nito at itinuloy ang paglalakad.

Nakadama si Cassandra ng kurot ng konsyensya. She did not mean to sound insulting. Nagtatanong lang siya, hindi niya sinasadyang galitin ito.

Sumakay sila ng taxi at nanatiling tahimik sa buong biyahe. Mahigpit nitong hawak ang kaliwang kamay niya, na para bang tatalon siya ng sasakyan sa sandaling huminto ang taxi.

She felt relaxed just by holding his hand. Napansin niya na maliban sa ilang kalyo, malambot ang kamay ni Victor. Malayo ang tingin nito at dama niya ang galit na pinipigil ng lalaki. Nagagalit ba si Victor dahil naipasok nito ang sarili sa isang hindi inaasahang responsibilidad? Obligasyon ba ang tingin nito sa kanya?

“We don’t have to get married, Victor. Hindi kita inoobliga. And... in case I get pregnant, I could take



care of myself.” She made sound so casual.

“This conversation is useless. Hindi na magbabago ang isip ko.”

Gusto niyang mag-angat ng kilay. Kulang na lang ay tahasan siyang utusan ng lalaki. Days ago, he was just a common factory worker.

At gusto siyang pakasalan ng guwapong factory worker na ito. Hindi siya matapobre, hindi niya sinusukat ang tao sa kapal ng pera sa wallet nito. She was not looking for a rich man to love. Basta mahal siya nito. Of course, she must equally love him in return.

At hindi sila nagmamahalan ni Victor. How could she agree to marry him?

Sa kanto pa lang ay pinahinto na ni Cassandra ang taxi, nag-abot ng bayad at nagmamadaling bumaba. Mabilis na nakasunod si Victor at pinigilan siya sa braso.

“Bakit dito tayo bumaba? Sa kabilang kanto pa ang bahay mo, di ba?” tanong ng lalaki. Napatigil si Cassandra.

“Paano mo nalaman?” Nilingon niya ito.

Matagal bago ito nakasagot, “Kasama ako ni

Jeffrey nang pumunta siya sa inyo minsan. Wala ka noon sa inyo.”

*Convincing*, she thought. Lagi naman talagang pumupunta si Jeffrey sa kanila kahit wala siya para kumustahin ang mga magulang at kapatid niya.

“Ikinahihiya mo bang ako *lang* ang maghahatid sa 'yo? Isang pobreng factory worker?” he grated.

“Wala akong sinasabing ganoon! Sa tingin mo, ano'ng magiging reaksyon ng mga magulang ko kapag may naghatid sa akin na lalaki pagkatapos kong hindi umuwi kagabi? Gusto mo bang himatayin sila sa sama ng loob?” Sinubukan niyang makiusap. “Sige na, umalis ka na. Baka may makakita pa sa atin.”

“Malalaman din nila, mas magandang sabihin na natin ngayon. At gusto ko na sa akin nila mismo marinig na pakakasalan kita,” the man said determinedly.

“Look, Victor, baka naman puwedeng huwag muna ngayon. Gusto ko munang makapag-isip, mapag-isa. Masyadong mabilis ang mga pangyayari at naguguluhan pa ako,” aniya sa mahinahong tinig. Nauubusan na siya ng lakas sa sobrang kalituhan. She felt like crying.

Lumakad siya palayo at lihim na nagpasalamat nang hinayaan siya ni Victor. Pero bago pa siya tuluyang makalayo ay narinig niya ang sigaw nito.

“I’ll marry you!”

Ipinagpatuloy lamang niya ang paglalakad.

---

Sinalubong si Cassandra ng inang si Liana sa gate ng kanilang bahay. Bakas sa mukha nito ang lubos na pag-aalala. Humingi siya ng tawad sa hindi pag-uwi o pagtawag man lang. Nagsinungaling siya rito at sinabing sa bahay ni Jeffrey siya nakitulong. Mataktikang naiwasan niya ang iba pang tanong ng ina.

Dumerecho si Cassandra sa sariling silid. She needed a bath. Baka sakaling pagkaligo niya ay luminaw ang utak niya. Ngunit natapos at natapos siya sa paliligo ay hindi pa rin niya magawang makapag-isip nang matino.

Hindi siya kaladkaring babae. Katunayan ay ilag siya sa mga lalaki. She stopped accepting suitors after her first heartbreak. She politely refused them all, kahit pa iyong ipinapakiusap ng mga magulang na pakiharapan niya.

Victor Monteclaro changed everything. Parang nawalan siya kakayahang magdesisyon para sa sarili. Ni hindi hiningi ng lalaki ang opinyon niya. Naramdaman marahil nito ang pagkalito sa loob niya.

She smiled bitterly. Hindi siya magpapakasal kay Victor Monteclaro. She hardly knew him!

*Still, you went to bed with him, Cassandra self-mocked.*

---

“Kung galit ka, Jeffrey, sabihin mo,” ani Victor. Tinapat niya ito tungkol sa namagitan sa kanila ni Cassandra. Maaaring pagmulan ng away sa pagitan nila ni Jeffrey ang nangyari, sakaling ipaalam iyon ni Cassandra sa binata. Mas mabuting sa kanya na manggaling.

“You should have chosen somebody else! Hindi na lang sana si Cassandra!” galit na sagot ni Jeffrey.

“Wala akong planong saktan ang kaibigan mo, Jeffrey. Kilala mo ako, hindi ako ang tipo ng lalaking tumatakbo sa responsibilidad. She already gave herself to me. Therefore, she’s my responsibility now,” he confidently said.

Sinasalubong niya nang tuwid ang galit na

mga mata ni Jeffrey. Kung hindi siya mas malaki at mas matipuno rito ay baka kanina pa ito naghamon ng suntukan. Nasaksihan niya kung gaano ito ka-protective kay Cassandra. Jeffrey was only controlling his rage. Alam niyang pinapahalagahan din nito ang pagkakaibigan nila.

“Come on, Victor, she’s hardly your type. Ni hindi ko naisip na pag-iinteresado mo siya. And you know she’s like a baby sister to me!” Napabuntong-hininga ito nang malalim, inihilamos ang dalawang palad sa mukha.

Parang sumakit ang ulo ni Jeffrey.

Kaya pala nang mga nakalipas na araw ay laging si Cassandra ang paksa ng usapan nila ni Victor. He should have noticed na noon pa man ay interesado na ito sa dalaga, batay sa mga tingin nito kapag bumibisita si Cassandra.

“Alam mo na hindi ikaw ang una. Bakit gusto mo pa ring pakasalan siya?”

Nagpatuloy siya nang hindi sumagot si Victor.

“Naiintindihan ko si Cassandra kung bakit niya nagawang ipagkaloob ang sarili noon sa unang lalaking minahal niya. She was young, and very much in love. All of us expected na sila na talaga.

“Whatever went wrong, hindi namin alam. Cassandra said walang ibinigay na rason iyong lalaki. Listen, Victor, kung nagawa man niyang ibigay ang sarili sa damuhong iyon, hindi iyon dahil sa kaluwagan ng moral. She’s just a romantic fool. But you’re no fool. And definitely not a romantic either. Bakit gusto mo pa rin siyang pakasalan?”

Hindi pa rin ito sumagot. Jeffrey used a different strategy para ma-discourage ito.

“Mahirap pakisamahan si Cassandra. Sumpungin, masungit, demanding, minsan isip-bata at napakaselosa. Napakahirap niyang intindihin. At—”

“I already said I’ll marry her,” ani Victor. “Leave it.”

---

Halos masamid si Cassandra sa iniinom na juice nang magkaharap sila ni Jeffrey dalawang araw pagkatapos ang nangyari sa kanila ni Victor.

Tahimik lang na nakatingin sa kanya si Jeffrey, pero alam niyang galit ito. Hindi tuloy siya makapagbukas ng pag-uusapan. Halos sumpain niya si Victor nang tawagan siya nito para sabihing alam na ni Jeffrey ang namagitan sa kanila. At nagagalit siya sa lalaki dahil sa pinangungunahan siya nito.

“I protected you, took good care of you. ’Tapos ganito ang mangyayari?” Nagtatampo ang tinig nito. “I want to blame myself.”

“Don’t, Jeffrey.” Inabot niya ang kamay ng kaibigan at mahigpit na hinawakan. “It’s not your fault. Hanggang ngayon, inaalagaan mo pa rin ako. A friend couldn’t ask for more. You’ve done a great job baby-sitting me.” She tried to smile, but failed to get one out of him. “Let me take care of this. I’ll be okay.”

“Pakakasal ka sa kanya, Cassandra,” mariing sabi ni Jeffrey pagkatapos ng mahabang sandali ng katahimikan.

“Hindi pagpapakasal ang solusyon dito,” tutol niya.

“Paano kung magbunga ang ginawa n’yo? Panibagong dagok na naman sa magulang mo. At nakakahiya sa mga tao.”

“Hindi pa naman tayo siguradong mabubuntis nga ako.”

“Aantayin pa natin?” pagalit na tanong nito na ikinatahimik niya. Huminga ito nang malalim bago muling nagsalita. “Marry him. Mabait na tao si Victor. May tiwala ako sa kanya, hindi ka niya pababayaan.

And this time, makinig ka sa akin, Cassandra.”

Hindi na siya nagsalita kahit tumututol ang kalooban niya.

---

Cassandra talked to her parents. Nabigla ang mga ito nang ibalita niyang magpapakasal na siya. Akala pa nga ng mga ito noong una ay nagbibiro lamang siya. Pero nang dumating si Victor para hingin ang kamay niya, walang nagawa ang mag-asawa kundi maniwala.

Sa salas sila nag-usap. Nagpaumanhin si Victor na hindi nito kasama ang mga magulang, pero wala itong ibinigay na dahilan. Damang-dama ni Cassandra ang tensyon sa paligid. Kitang-kita ang di-makapaniwalang ekspresyon sa mukha ng kanyang ama at ina. Tahimik lamang siyang nakinig habang nakaupo sa tabi ni Victor. Ni hindi niya magawang mag-angat ng ulo. Hinayaan niya ang binata na mag-isang magpaliwanag sa mga magulang.

“Hindi man lang namin nalaman na magkasintahan na kayo.” Ang ama niyang si Noli Claveria ang nagsalita. “Kailan pa ba, anak?” baling nito sa kanya.

Bigla siyang naumid.



Si Victor ang sumagot para sa kanya, “Nang manligaw po ako kay Cassandra, I didn’t ask her to be my girlfriend. Niyaya ko na po siya agad na magpakasal. You have a very rare jewel, Sir, at hindi ko po gustong pakawalan pa siya,” anito.

She wanted to kick him dahil kung anu-ano pa ang sinasabi nito. Deep inside, may kilig na humaplos sa puso niya.

*Teka, rare jewel?* How she wished it were true. Pero parang mas bagay yata kung ‘rejected’ jewel ang sinabi nito.

“Ganoon ba?” anang kanyang ama. Sinulyapan siya nito. “Baka nabibigla ka, hijo. Marahil ay alam mo nang hindi na—”

“Papa!” magkapanabay na sabi ni Cassandra at ng kanyang inang si Liana.

“Alam ko na po, nasabi na niya. But it doesn’t change my decision. I am still marrying your daughter, Sir,” determinadong sagot ni Victor.

Nagkatinginan na lang ang dalawang matanda. Napangiti ang mga ito sa binatang kaharap.

“Bueno, sige, pumapayag na kami,” sagot ng kanyang ama. “Ingatan mo ang prinsesa namin,

Victor. At gusto naming magpasalamat sa pagtanggap mo sa kanya nang buong-buo.”

“Kailan n’yo naman balak magpakasal?” tanong ni Liana sa masayang tono. Nawala na ang maigting na hangin sa ere. “Saang simbahan?”

“Ayokong magpakasal sa simbahan!” Hindi napigilan ni Cassandra ang sarili. “I only want a simple civil wedding,” bawi niya sa mas kalmadong tinig nang mapansin ang pagtataka sa mukha ng ina.

“Princess, minsan lang tayo magpapakasal, bakit hindi pa sa simbahan?” ani Victor. “I could give you a church wedding.”

“At saan mo balak kumuha ng pera panggagastos natin?”

Naningkit ng mata ni Victor. Nainsulto na naman niya ito. Hindi talaga iyon ang dahilan kung bakit ayaw niyang sa simbahan ganapin ang kasal. Pakiramdam lang niya ay magsisinungaling siya sa Diyos kapag doon sila sumumpa na magsasama habang buhay.

Dahil hindi sila nagmamahalan.

“May pera ako Cassandra,” narinig niyang sabi ng lalaki.

“Okay na sa akin ang civil wedding. Masaya na ako at pakakasalan mo ako...” she said in a low voice. Nagbabadyang tumulo ang luha niya anumang sandali.

Buong buhay niyang pinangarap na maikasal sa simbahan na punong-puno ng taong nakikisaya sa kanya. Iyong maraming makukulay na bulaklak na nakadisenyo. At sa dulo ng aisle, naroroon ang lalaking magmamahal sa kanya hanggang sa pagtanda.

This was not the kind of marriage she had been dreaming of. Magpapakasal siya sa isang lalaking walang pag-ibig sa kanya. Magiging maligaya ba siya sa piling nito? Simple lang ang gusto niya—ang maging masaya kasama ng minamahal.

She heard Victor’s sigh of resignation. “Kung iyan ang gusto mo.”

# 4

Isang linggo matapos ang pag-uusap na iyon ay ginanap ang civil wedding nina Cassandra at Victor. Napaniwala ng lalaki ang lahat ng sumaksi sa kanilang kasal na mahal na mahal siya nito.

She knew better.

Iyon na siguro ang pinakamalungkot na kasal sa buong mundo, naisip ni Cassandra. Naroon ang buong pamilya niya, maging si Jeffrey na tumayong best man. Walang nakarating sa partido ni Victor. Una pa lang ay ipinaalam na ng lalaki sa kanyang ama't ina na hindi makakadalo ang mga magulang nito. Naunawaan naman iyon nina Noli at Liana.

Hindi sinasadyang napaangat ang tingin niya sa kanyang groom. He was looking at her intensely, like he was actually in love with her. And he was holding her hand, like it was the most natural thing to do.

Napatitig si Cassandra sa white gold band na isinusuot ng lalaki sa palasingsingan niya. It had finely cut stones that shone like diamonds. Hindi siya magaling kumilatis ng alahas, but the ring on her finger looked so elegant, so real.

*Saan kaya ito binili ni Victor?*

“You may now kiss your bride,” anang judge. Dahil doon ay napapitlag siya, kinabahan sa narinig. Tila naramdaman iyon ni Victor. Walang sabi-sabing sinapo nito ang mukha niya ng dalawang palad. And when his lips landed on her nervous mouth, para siyang hihimatayin.

It was the most electrifying kiss she had experienced. Dumaloy sa iba't ibang bahagi ng katawan niya ang init na dulot ng halik nito. It was a deep, passionate kiss. It was were warm, gentle... and possessive. And he took his time kissing her.

When he ended it, she felt a sudden emptiness. Na parang gusto niyang tumingkayad at kabigin si Victor at hagkan ito muli.

“You’re mine now, princess,” he whispered on her lips. Gusto sana niyang itanong kung ano ang ibig nitong sabihin ngunit agad nagsilapitan ang buong pamilya para batiin sila.

---

Tumuloy sila sa isang restaurant kung saan ipina-reserve ni Jeffrey ang reception. Iyon ang regalo nito sa bagong kasal. Nang pumunta sa washroom si Victor ay nagkasarilinan ang magkaibigan.

“Ngumiti ka naman, baby girl!” tudyo ni Jeffrey. “Parang hindi ka kinasal, abot na ang nguso mo sa lupa.”

Pero hindi siya makangiti. Napatitig siya sa suot na singsing. She still could not believe that she was married now.

“Isn’t this great, Jeffrey? Just when I thought na tatanda akong dalaga, heto ako at bagong kasal. Hindi ko nga lang kilala ang napangasawa ko. And I can’t believe I simply let it happen,” she said in a whisper. Hindi niya gustong iparinig sa mga bisita ang katotohanan sa likod ng madaliang pagpapakasal.

“You made the right decision, Cassandra. Victor would make you happy,” ani Jeffrey. Marahan nitong hinawakan ang kanyang kamay at pinisil iyon.

“Narinig ko na ’yan. Ganyan din akala mo noon kay Kevin.” She sighed. “Pare-pareho lang ang mga lalaki. Love us and leave us.”

Isang halakhak ang isinagot nito. Jeffrey touched her chin and raised her gloomy face. “Hindi lahat ng lalaki ay katulad ni Kevin, Cass. Hindi lahat ay tanga para pakawalan ang isang tulad mo. Besides, I’ll always be here for you.”

“Thank you, Jeffrey.” Nakuha na rin niyang

ngumiti rito. “I still can’t believe I’m deceiving all these people.” Nilibot niya ng tingin ang mga bisita. “How did I come to think that this marriage would really work? Siguro... kaya din ako pumayag magpakasal ay dahil sa takot kong may mabuo sa ginawa namin at hindi ko gustong lumaking bastardo ang anak ko.”

“Baby girl, why are you being so negative? Ano ngayon kung magkaanak kayo? You’re already married. If you don’t get pregnant this time, palagay ko naman ay hindi baog si Victor. And you might learn to love him sooner or later. By then, puwede na kayong magplano ng totoong pamilya. You’d love to have kids, right?”

Sasagot sana si Cassandra nang maramdaman niyang may humawak sa balikat niya. Marahang hinila siya niyon palayo kay Jeffrey.

“Masyado kayong sweet mag-usap, baka magselos ako n’yan,” ani Victor. His sounded like he was joking, pero iba ang emosyon sa mga mata nito. Parang uundayan nito ng suntok si Jeffrey anumang oras. “She’s my wife now, Jeffrey, I hope you don’t mind if things change from hereon.”

“Of course not, pare,” sagot ng binata. “Excuse me, baby—I mean, Cassandra, pupuntahan ko lang ang mga magulang mo.” Jeffrey got up from his seat.

Tumango siya sa direksyon nito bago nilingon si Victor na inilapit pa ang upuan sa kanya.

He couldn't be jealous, could he? They were not in love for him to act like a possessive husband. Nasaling lang marahil ang ego nito. Ang mga lalaki talaga!

---

“Saan kayo tutuloy na mag-asawa?” tanong ni Liana.

“Sa amin sa Sampaloc, Mama. May bahay po ako doon,” sagot Victor na ipinulupot ang braso sa bawyang niya. Napapiksi siya ngunit hindi ito sinaway. “Maliit lang iyon pero puwede na kaming magsimula doon.”

“Doon na rin ba kayo magha-honeymoon?” tanong ni Jeffrey, na ikinasamid ni Cassandra. Gusto niyang sipain ang kaibigan.

Wala sa kanila ni Victor ang gustong sumagot.

“Kung ganoon pala, doon na siya matutulog sa inyo,” ani Liana. Napalingon si Cassandra sa ina.

Napag-usapan na nila iyon ni Victor, pati na ang pagre-resign niya sa trabaho. Hindi muna siya tumutol sa planong iyon ng lalaki. Saka na sila mag-



uusap tungkol doon. Napakarami niyang iniisip, nakalimutan niyang banggitin ang pagbukod nila sa mga magulang. At biglang sumigid ang kanyang kaba sa isipin na sila magsosolo sila ni Victor sa bahay nito.

“Kunsabagay,” narinig niyang pagpapatuloy ng ina, “may asawa ka na ngayon. Kailangan mo nang masanay na nakahiwalay sa amin.” Sa tono ng ginang ay parang ito ang hindi masasanay na mapawalay ang unica hija nito.

“Opo, Mama.” Nagyuko si Cassandra ng ulo. Sa loob ng ilang araw ay tuluyang nagbago ang mundo niya. She dreaded the thought of leaving home.

Hindi niya inaasahan ang paghawak ni Victor sa kamay niya. Nang mag-angat siya ng mukha ay tipid na ngumiti ito sa kanya, pagkatapos ay hinagkan siya sa noo.

“It’s going to be alright, princess. I am going to take care of you,” he whispered. Ang init ng halik nito sa kanyang noo ay bumalot sa kanyang buong katawan, gaya ng mga naunang halik nito. She wondered why his kisses had that effect on her.

At hindi niya alam kung bakit gusto niyang magtiwala sa mga pangako ng asawa.

---

Napalunok si Cassandra nang makita ang bahay na sinasabi ni Victor. Two-storey iyon at medyo luma na batay sa kupas nang pintura. Kinakalawang na rin ang gate. Malayo rin ang lokasyon ng bahay sa lugar na pinapangarap niya.

May mga tambay sa kanto na nag-iinuman, maraming bata na naghahabulan sa lansangan. Marumi ang kalsada na may kakitiran. Kanina lang sa kanto, may naghahabulang pulis at magnanakaw.

She never imagined herself living in such a place. Malayong-malayo ito sa subdivision na kinalakhan niya sa Antipolo. Doon ay tahimik at ligtas siyang nakakalakad sa gabi, na walang takot na baka kinabukasan ay nasa front-page na siya ng tabloid—biktima ng karahasan.

Hindi sila mayaman. Katunayan, dating security guard ang kanyang ama sa isang pribadong kompanya. Nagsikap lamang ito kaya nagawang makapagpundar ng magandang bahay sa isang tahimik na subdivision. Hindi kasi nito gustong lumaki ang mga anak sa lansangan ng magulong siyudad.

*The irony of it all...*

Naririto si Cassandra—sa lugar na tinakasan ng kanilang pamilya. At simula ngayon ay dito na siya

titira.

---

Binibilang ni Victor ang bawat buntong-hininga ng asawa. Gusto niyang magalit sa sarili. A princess like Cassandra did not fit in a place like this. A princess deserves castles. Pero ito lang ang kaya niya. Dahil hindi niya naihanda ang sarili sa pagdating ng isang Cassandra sa kanyang buhay.

“I’m sorry kung iba ito sa inaasahan mo. I promise to find you a better place, kapag nakaipon na ako,” paumanhin niya. Hindi na niya hinintay ang sagot ng asawa at inakay na ito papasok ng bahay. Binuksan niya ang pinto, nilingon ang bride at ngumisi.

“What?” nagtataka tanong ni Cassandra. Hindi niya alam bakit nakangisi sa kanya si Victor.

“We’re newlyweds. Gusto mo bang buhatin kita papasok ng bahay?”

“Ang corny mo!” Agad na tumuloy si Cassandra sa loob para itago ang ngiting sumilay sa mga labi niya. She heard him chuckle.

The place was small yet tidy. Everything seemed to be in its right place. Maayos ang buong bahay, maganda ang pagkakapintura sa loob at ang pagkaka-

arrange ng ilang furniture. Ang mga naroong appliances ay yaong mga kailangan lang.

Pumanhik sila sa silid para iakyat ang mga gamit niya. Namangha si Cassandra nang makita kung gaano kalaki ang kuwarto. Isang king-sized bed ang nasa gitna ng silid. The floor was carpeted and the walls were glazed with a lovely shade of cream. Ibang-iba ang hitsura ng loob ng bahay sa anyo nito sa labas.

“Magpahinga ka muna, I’ll unpack for you,” ani Victor habang inilalabas na ang mga gamit niya sa maleta. Agad niya itong inawat, kinuha mula rito ang mga damit.

“Ako na lang. I can manage,” saad niya. Victor looked deeply in her eyes, it was only then that she realized why: nakahawak siya nang mahigpit sa braso nito at halos magdikit na ang mga mukha nila. Akmang babawiin niya ang kamay nang hawakan nito iyon at dalhin sa labi para hagkan.

“Such small hands,” akmang hahalikan nito muli iyon nang naiilang na bawiin niya. Hindi niya maintindihan ang damdaming hatid ng mga halik at hawak ng asawa. She felt a certain hunger, a craving to experience more than his mere touch. She almost thought herself insane, as she ached to taste the

sweetness of his sensual lips.

Tama ba na makaramdam siya ng ganito? Oo, kasal sila. But their situation was far from romantic. He didn't love her... and she didn't love him. Hindi... attracted lang siya sa lalaki.

“Alam kong naguguluhan ka pa. Masyadong mabilis ang mga pangyayari, and we've yet to know each other better. So let's take things slow. Maybe, we could make *this* work,” he said softly.

“Paano kung hindi?” tanong ni Cass. At bakit siya nalulungkot sa naisip?

He sighed. “Then I don't know what else to do. So far, I have a good feeling about this at hindi pa naman ako nagsisisi sa naging desisyon ko.” Dama niya na nagsasabi ito ng totoo. “Bababa muna ako. I'll cook something for us.”

Tinungo nito ang pinto.

“Victor,” tawag niya. Huminto ito at nilingon siya. She swallowed. “Bakit mo ako pinakasalan? I know na maraming babae ang naghahabol sa 'yo. Jeffrey, not to mention my parents, tried to talk you out of this. Yet you still married me. Bakit?”

“What answer do you expect from me, Cassandra?”

“The truth.” Humarap ito sa kanya at tumitig sa kanyang mga mata.

“The truth is... I really don't know. That day at the hotel, marrying you seemed to be the best idea that came to mind. Maybe I just want to experience how it is to be close to you. Or maybe, I was captivated by something indescribable that made me want to keep you close to me.

“Hindi ko alam kung alin sa dalawa. Ni hindi ko nga alam saan galing ang mga pinagsasabi ko sa 'yo ngayon.” He smiled and it made him a sight more attractive. “I'd better go down, baka kung ano pang kakornihan ang masabi ko.”

Lumabas na ito sa silid. At naiwan si Cassandra na nag-iisip.

*Yeah, who knows?* Maybe they could really make this marriage work. Bakit nga ba hindi? Narito na rin lang siya, gagawin na niya ang lahat para makapagsimula ulit sila. Tama si Victor.

At maaaring pareho sila ng rason kaya umabot sila sa ganito. She, too, must have been captivated by that indescribable something. Something that made her want to stay with Victor.